

**Maikling Impormasyon tungkol sa Eleksyon ng Subsektor ng Komite sa
Halalan 2016**

Petsa at Oras ng Pagboto-

- 11 Disyembre 2016 (Linggo)
- 7:30 a.m. hanggang 10:30 p.m. (maliban sa nakalaang mga istasyon ng botohan na nakatayo sa mga bilangguan kung saan ang oras ng botohan ay mula 9:00 a.m. hanggang 4:00 p.m.)

Panahon ng Nominasyon

- 8 hanggang 14 Nobyembre 2016

Mga Dokumento sa Nominasyon

- Ang mga dokumento sa nominasyon ay makukuha sa mga Tanggapang Pandistrito, Tanggapan ng Bumabalik na mga Opisyal, at ng Tanggapan ng Pagreregistro at Halalan (“REO”) sa 10/F, Harbour Centre, 25 Harbour Road, Wan Chai o sa Unit 2301-2303, 23/F, Millennium City 6, 392 Kwun Tong Road, Kwun Tong. Maaari rin itong idiskarga mula sa website ng REO (www.reo.gov.hk) o ang nakalaang website (www.elections.gov.hk).

Pagboto

- Ang mga rehistradong botante o mga awtorisadong kinakatawan (“AR”) ay maaring magbigay ng kanilang mga boto sa halalan.
- Ang bawat botante o AR ay itatalaga sa isang nakatakdang istasyon ng botohan.
- Isang kard sa pagboto na nagpapakita ng nakatalagang istasyon ng botohan ang ibibigay sa bawat botante o mga AR ng hindi bababa sa limang araw bago dumating ang araw ng botohan.
- Lahat ng mga ordinaryong istasyon ng botohan ay maaaring magamit ng mga taong nakasilyang de-gulong o may kahirapan sa pagkilos.
- Kung ang mga botante o AR ay mangailangan ng tulong sa pagsasalin ng impormasyon ng pagboto, maaari silang tumawag sa

Sentro Para sa Etniko Minorya (“CHEER”) sa pamamagitan ng mga sumusunod na hotline simula 28 Nobyembre 2016.

Wika	Numero ng Hotline
Bahasa Indonesia	3755 6811
Tagalog	
Thai	
Hindi	3755 6822
Nepali	
Urdu	3755 6833
Punjabi	

Paano Bumoto?

- Dalhin ang inyong Hong Kong Identity Card sa inyong nakatalagang istasyon ng botohan at ipakita ito sa kawani ng botohan.
- Ikaw ay bibigyan ng isa o dalawang magkaibang (mga) balota depende sa iyong pagkamarapat, ang katumbas na (mga) sobre at isang cardboard.
- Markahan ang iyong (mga) balota sa loob ng isang kompartimento ng botohan gamit ang itim na panulat na nakalagay sa kompartimento sa pamamagitan ng pagtabing sa habilog sa tapat ng mga pangalan ng mga kandidato na iyong napili. Bumoto ng hindi hihigit sa nakatakdang bilang ng mga posisyon sa mga kaugnay na subsektor o sub-subsektor (ipapakita ang numerong iyon sa balota at nakalista sa ilalim ng “Facts and Figures” ng itinalagang website).
- Kung ikaw ay magkamali ng pagmarka sa balota o hindi sinasadyang masira ang balota, maaari mong isauli ang balota sa Punong Opisyal at humingi ng kapalit.
- Pagkatapos markahan ang balota:
 - (a) para sa balota na may **dalawang** hanay ng mga pangalan ng mga kandidato (kung mayroon), **HUWAG** itupi ang balota;
 - (b) para sa balota na may **apat** na hanay ng mga pangalan ng mga kandidato (kung mayroon), mangyaring itupi ng **ISANG** beses ang

(mga) balota sa kahabaan ng tuldok-tuldok na linya upang ang markadong bahagi ay nasa loob.

Ilagay ang minarkahang balota sa sobrang ibinigay sa istasyon ng botohan, at ilagay ang sobre na naglalaman ng balota sa loob ng kahon ng balota ayon sa direksyong nakaturo sa sobre. Huwag itupi ang sobre.

Malinis na Halalan

Ayon sa Ordinansa (Tiwali at Illegal na Gawain) sa Halalan (Cap. 554) na ipinapatupad ng Malayang Komisyon Laban sa Katiwalian, ang botante ay HINDI DAPAT:

- humihingi o tumatanggap ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan mula sa sinumang tao para huwag bumoto sa halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang partikular na kandidato o partikular na mga kandidato;
- gumamit o magbanta na gumamit ng dahas o pananakot para impluwensiyahan ang desisyon ng sinumang bumoto;
- bumoto sa isang halalan na gayung alam niya na siya ay walang karapatan na gawin ito; o pagkatapos ng sadya o walang ingat na pagbibigay ng mali o nakakalinlang na impormasyon sa isang opisyal ng halalan.